Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
**PENRO Marinduque**

Ika-12 ng Abril, 2023

**GINOONG DEMETRIO P. FABELLON**
Barangay Sihi, Buenavista
Marinduque

**Ginoong Fabellon:**

*Isang Maka-Kalikasang Pagbati po sa inyo!*

Ito po ay may kinalaman sa inyong sulat na may petsang Marso 02, 2023 na nagpapahiwatig at nagpapabatid ng inyong kagustuhan na ma-renew ang inyong kasunduan na may bilang na SIFMA No. DENR IV-001-98 sa pangangasiwa ng lupaing-gubat (forestland) na iginawad ng gobyerno sa ilalim ng Socialized Industrial Forest Management Program (SIFMP) noong Disyembre 01, 1998 na matatagpuan sa Barangay Sihi, Buenavista, Marinduque.

Ikinalulugod po namin ang inyong pagtalima sa ipinadala naming Show-Cause Order na naisyu noong Disyembre 09, 2022 ng aming Regional Executive Director Lormerlyn E. Claudio, CESO IV; gayunpaman, gusto po naming ipabatid sa inyo ang mga karagdagang dokumento na kailangan ninyong isumite:

- Sulat/paliwanag under oath o panunumpa kung bakit ang inyong kontrata ay hindi kakanselahin dahil sa hindi pagtugon sa mga tuntunin at kundisyon na itinakda sa nasabing kasunduan;
- Mga kinakailangang Annual Report/s o mga Taunang-Ulat alinsunod sa SIFMA Contract Item No. 20.

Inaasahan po namin ang inyong kooperasyon. Maraming salamat po.

Lubos na gumagalang,

"For and in the absence of the PENRO"

**GEMMA P. DELOS REYES**
In-Charge, Management Services Division
In-Charge, Office of the PENRO

May sipi:

DENR MIMAROPA Regional Office

Capitol Compound, Barangay Bangbangalon, Boac, Marinduque
Telephone Nos.: (042) 332-1490/(042) 332-0727/(042) 332-0927/(042) 332-1913
Website: https://penromarinduque.gov.ph/
Email: penromarinduque@denr.gov.ph